http://www.courts.state.hi.us/self-help/protective_orders/family/serving_your_tro

# Serving Your Temporary Restraining Order (TRO)
# Ang Pagkakaloob Ng Iyong Pansamantalang Order ng Pagpigil (TRO)

Your TRO will not take effect until it is granted and filed by the court. In addition, the TRO is not enforceable until it is properly served upon the respondent. Once the TRO is granted and filed, it is your responsibility to ensure that the documents are provided to the police department for proper service upon the respondent. Please take these steps if the respondent resides on the same island:
Ang iyong TRO ay hindi magkakabisa hanggang sa ito ay maipagkaloob at maihain ng korte. Bilang karagdagan, ang TRO ay hindi maipapatupad hanggang ito ay naibigay nang tama sa inirereklamo. Sa oras na ang TRO ay naipagkaloob at naihain, responsibilidad mong siguraduhin na ang mga dokumento ay naibigay sa departamento ng pulisya para sa tamang pagbibigay sa inirereklamo. Mangyaring gawin ang mga hakbang na ito kung ang inirereklamo ay naninirahan sa parehong isla:

1. Go to the police station in the same area where the respondent resides and provide the police department with two copies of the TRO.
   Pumunta sa istasyon ng pulisya sa parehong lugar kung saan naninirahan ang inirereklamo at magbigay sa departamento ng pulisya ng dalawang kopya ng TRO.

2. On Oahu, if you do not wish to drop off the documents to the police department and if the respondent's address is known, you may request to have your TRO documents emailed to the police department for service upon the respondent.
   Sa Oahu, kung hindi mo ninanais na ibigay nang personal ang mga dokumento sa departamento ng pulisya at kung alam mo ang adres ng inirereklamo, maaari mong hilingin na i-email ang mga dokumento ng TRO sa departamento ng pulisya para maisilbi sa inirereklamo.

3. In all cases, provide the police department with as much information as possible as to the addresses where the respondent can be located and the times you would expect the respondent to be at those addresses.
   Sa lahat ng mga pagkakataon, hangga't maaari ay magbigay sa departamento ng lahat ng impormasyon pagdating sa mga adres kung saan maaaring matagpuan ang inirereklamo at mga oras na maaasahan mong ang inirereklamo ay nasa mga adres na iyon.

4. Then check with the police department to find out when and if the respondent was served.
   Pagkatapos ay tanungin sa departamento ng pulisya kung kailan at kung ang inirereklamo ay napagsilbihan.

- In the event the respondent resides on another island or outside the State of Hawai`i, you will need to contact law enforcement in that locale to personally serve the TRO documents on the respondent. You will then need to make sure that the proof of service document has been filed with the court after the respondent has been served.
  Sa pagkakataong ang inirereklamo ay naninirahan sa ibang isla o sa labas ng Estado ng Hawai`i, kakailanganin mong makipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas sa lugar na iyon upang personal na ibigay ang mga dokumento ng TRO sa inirereklamo. Pagkatapos ay kailangan mong siguraduhin na ang dokumento ng katibayan na naibigay ito ay naihain sa korte pagkatapos maibigay ito sa inirereklamo.

In the State of Hawai`i there is no charge for this service. Please keep in mind that the TRO does not guarantee your safety. Please take **proper precautions**.
Sa Estado ng Hawai`i walang bayad para sa serbisyong ito. Mangyaring tandaan na ang TRO ay hindi naggagarantiya ng iyong kaligtasan. Mangyaring gumawa ng **mga nararapat na pag-iingat.**

*Keep a copy of your TRO with you at all times, and report violations to the police department immediately by calling 911.*
*Dalhin ang kopya ng iyong TRO sa lahat ng pagkakataon at agad na iulat ang anumang mga paglabag sa departamento ng pulisya sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.*